# TIGP7TONG Kahilingan



# TIGP7TONG Kahilingan



*Mga Pamantayan sa Pagkatuto*

*Naipakikita ang kahalagahan ng pagiging responsable sa kapuwa: pagpapanatili ng mabuting pakikipagkaibigan* ***EsP6P- IIa-c–30***

*Nailalarawan ang tauhan batay sa damdamin nito at tagpuan sa binasang kuwento.*

***F6RC-IIa-4***

Treasury of Storybooks

* * * * * * * * * * * * * * * * * * *

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2022 of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, no copyright shall subsist in this work of Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval of conditions shall be required for the use for any purpose of statues, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in collaborative assembles and in meetings of public character.

For the purpose of citation, the following is recommended.

DEVELOPMENT TEAM



Lumalamig na ang simoy ng hangin. Ang ilang bahay ay mayroon ng nakasabit na mga parol at kung ano-ano pang palamuting pamasko. Itinayo na ang kani-kanilang mga **christmas tree** at sinasabitan ng mga palamuti. Nagliliwanag at kumukutikutitap ang makukulay na mga **christmas lights** sa mga kabahayan at establisimyento tuwing gabi. Maririnig na ang pagpapatugtog ng mga awiting pamasko. Marami na ang mga nangangaroling tuwing gabi. Ang mga nagtitinda ng bibingka at puto bumbong ay tabi-tabi na sa mga daan. Kapansin pansin na talagang ang karamihan ay nananabik na sa pagdating ng araw ng Pasko maliban kay Oliver at sa pamilya niya.



Si Oliver Sunga ay isang simple ngunit masipag na mag-aaral. Marunong din naman ito sa klase. Madalas nga lamang ay lumiliban ito upang mangalakal ng mga basurang maaari pang ibenta sa mga junkshop. Makabili kahit kalahating kilong bigas man lang na kanilang pagsasaluhan ay masaya na siya. Simula kasi nang maratay dahil sa aksidente ang kanyang amang si Mang Andy ay hindi na ito nakapagtrabaho pa. Lagi na lamang itong nakahiga sa kanyang papag na sira na ang isang paa at malapit nang bumigay. Noon ay maayos naman kahit paano ang pamumuhay nila. Si Mang Andy ay nagtatrabaho sa Maynila bilang isang construction worker. Umuuwi lamang ito tuwing araw ng suweldo. Maganda naman ang kita at sumasapat para sa lahat ng kanilang pangangailangan. Si Aling Opelya naman na kanyang ina, ay nagluluto ng mga kakanin at inilalako ito sa kanilang mga kapitbahay. Sa isang hindi inaasahang pangyayari ay naaksidente ang kanyang ama. Nadisgrasya siya habang sinasagip ang isang batang muntik nang masagasaan ng isang rumaragasang dyip na nawalan ng preno.



Agad naman itong nadala sa ospital at nalapatan ng lunas. Agad din namang nagpadala ng pinansiyal na tulong ang mga magulang ng batang kanyang tinulungan. Pagkalabas niya ng ospital ay nagsimula na ang kanilang pagsasakripisyo. Tanging si Aling Opelya na lamang ang naghahanapbuhay para sa pamilya. Unti-unting naubos ang kaniyang puhunan sa paggawa ng mga kakanin. Kung kaya siya ay tumatanggap na lamang ng labada mula sa mga kapitbahay upang tustusan ang kanilang pang-araw-araw na pangangailangan. Kapag kumita  ay nakabibili siya ng gamot ng kanyang asawa, gayundin ng bigas, at ulam. Ngunit madalas ay wala, sakto lamang sa isang kilong bigas at isang lata ng sardinas ang kinikita nito sa paglalako.



“Kanin at toyo na naman?” may pagkadismayang sabi ni Lengleng, bunsong kapatid ni Oliver nang nakita ang nakahain. “Oo, masuwerte pa nga tayo at mayroon tayong pagsasaluhan ngayong pananghalian. Tingnan mo sila Ando, lugaw lang ang kinakain nila ngayon,” sagot ni Oliver sa kapatid.



“Kailan kaya tayo makakakain ng **fried chicken** ano?” tanong ni Dorothy, pangalawa sa magkakapatid. “ Oo nga! Ano kaya ang pakiramdam kapag kumakain ng fried chicken, **spaghetti** at saka **burger**?” patakam na tanong ni Lino, pangatlo sa magkakapatid. “Sige sandali lamang at ikukuha ko kayo ng masarap na makakain.” Sabay kuha sa kanin na nakahapag at dinala niya ito sa kanilang kusina. Ikinorte niyang hita ng manok ang kanin at nilagyan ito ng konting toyo para magkakulay.



Maya-maya ay inilabas niya ito at inihapag sa kanilang lamesa. “Ayan na ang inyong fried chicken!” Nagtawanan nang malakas ang magkakapatid at masayang pinagsaluhan ang kanilang fried chicken na gawa sa kanin.



Isang Sabado ng umaga, habang naglalakad-lakad si Oliver na tulak-tulak ang kanyang kariton upang mangalakal ay napadaan siya sa isang magarang bahay. Napakalaki nito at napakaganda. Ang saya sigurong tumira sa ganito kalaking bahay. “Mukha siguro akong prinsipe. Yaya, ikuha mo ako ng inumin. Manong Drayber, mamasyal tayo sa **mall**,” sambit ni Oliver sa sarili na minumuwestra pa ang kamay na tila nag-uutos habang pinagmamasdan ang kabuoan ng bahay.



“Yaya Clarita, ikuha mo naman ako ng miryenda, iyong masarap ha!” tawag ng isang batang lalaki sa isang may edad ng babae. Bahagyang napasilip sa nakaawang na **gate** si Oliver nang marinig ang malakas na tunog ng isang laruan. Ito pala ay isang malaking laruang kotse na de-**remote**. “Wow!” pabulalas na sabi ni Oliver dahil sa pagkamangha. Nagulat naman si Sam, dahil sa pagkamangha ni Oliver. “Gusto mong subukan?” paimbitang tanong ni Sam. “Ay naku, hindi. Baka masira ko ‘yan, wala akong pamalit dahil wala akong pera. Libo-libo pa naman ata ang presyo niyan,” sagot naman ni Oliver na tila kinabahan sa ideya ni Sam. “Ha! Ha! Ha! Ha!” malakas na tawa ni Sam sa sinabi ng kausap. “Grabe ka naman sa libo-libo. Naku! Ano ka ba? Mura lang ang bili namin diyan,” dagdag pa nito.



“Ako nga pala si Samuel Buenavista. Ang palayaw ko ay Sam. Labindalawang taong gulang at ako’y nasa ikaanim na baitang. Bagong lipat lang kami rito at galing kami sa Maynila,” pagpapakilala ni Sam ng kanyang sarili.

“Naku! Pareho pala tayong nasa ikaanim na baitang. Ako naman si Oliver Sunga. Ako ay labindalawang taong gulang din. Malapit lang ang bahay ko rito. Diyan naman ako nag-aaral sa malapit na paaralan,” pagpapakilala naman ni Oliver kay Sam. “Ikinagagalak kitang makilala aking bagong kaibigan,” magkasabay na saad  ng dalawa.



Maya-maya pa ay napatingin si Oliver sa kanyang dalang kariton. Bigla niyang naalala na kailangan na niya itong dalhin sa **junkshop** upang ipagbili dahil mamaya ay papasok na siya sa paaralan. "O sige, aalis na ako baka hinihintay na ako ng mga kapatid ko. Ibebenta ko pa kasi itong mga nakalakal ko," paalam ni Oliver kay Sam. " Sayang naman at hindi tayo nakapaglaro. Bumalik ka rito bukas at maglaro tayo ng **playstation**," sagot ni Sam. "Sino 'yung kausap mo?" tanong ni Yaya Clarita nang marinig na tila may kausap ang kanyang alaga. "Si Oliver po iyon, ang bago kong kaibigan. Kasing-edad ko siya at nakatira lang siya malapit dito," paliwanag ni Sam. "Naku, ikaw talagang bata ka! Huwag ka basta-bastang nagpapasok ng hindi mo kakilala baka mapahamak ka. Nakakatakot!" saad naman ni Yaya Clarita.



Ang mag-asawang sina Alfredo at Marisse Buenavista at ang kanilang nag-iisang anak na si Sam ay mula sa isang mayamang pamilya. Si Ginoong Alfredo ay istrikto sa kanilang anak, hindi katulad ni Ginang Marisse na napakalambing. Si Sam naman ay hindi katulad ng ibang anak ng mayayaman. Napakabait nito at mapagkumbaba. Sila ang may-ari ng isang sikat na **fastfood chain** na kilala sa buong bansa. Silang mag-asawa ang personal na nag-aasikaso rito. Gusto kasi nila na mabantayan lahat ng transaksiyon. Kaya naman, madalas wala sila sa kanilang bahay. Ang kanilang anak naman ay ikinuha nila ng personal na tagapag-alaga. Ibinibigay nila sa anak ang lahat ng maibigan nito; laruan, pagkain, magagarang damit, **gadgets** at kung ano pa ang maibigan nito, maliban na lang sa oras at panahon. Palagi kasi silang abala sa kanilang mga gawain sa kompanya. Halos hindi na sila magkita ng anak. Pag-uwi kasi nila galing sa opisina ay mahimbing na ang pagkakatulog nito.



Ayon sa mag-asawa ay sariwa ang hangin dito at mas tahimik kompara sa siyudad. Naisip din nila na sa lugar na ito ay mas madaling makakalimutan ng kanilang anak ang hindi magandang karanasan nito sa Maynila. Muntik na kasi itong masagasaan nang minsan itong lumabas ng bahay upang magbisikleta mabuti na lamang at may isang lalaking nagmagandang loob na iligtas ang kanilang anak. Wala ni isang galos ang natamo ng kanilang anak subalit ayon sa mga nakasaksi ay malubha naman ang nangyari sa lalaking nagligtas dito. Nalaman naman ng mag-asawa ang ospital na pinagdalhan sa lalaki kung kaya't nakapagpadala sila ng tulong dito at sinagot ang lahat ng gastos sa ospital. Pagkatapos ng pangyayaring iyon ay wala na silang nabalitaan kung ano na ang nangyari sa lalaki.



Nakasanayan na ni Oliver na mangalakal tuwing Sabado at Linggo upang matulungan ang kanyang ina. Nang napadaan ulit siya sa harap ng bahay nina Sam habang tulak-tulak ang kariton, ay tinawag siya nito, “Oliver, halika ka na rito sa loob at maglaro tayo!” pag-anyaya ni Sam. “Naku, pasensiya ka na, kailangan ko munang ibenta itong mga kalakal ko. Babalik na lamang ako mamaya,” pagtanggi ni Oliver sa alok ng kaibigan. “Sige, sabi mo ‘yan ha. Hihintayin kita,” sagot ni Sam. Tinupad naman nito ang sinabi sa kaibigan. Ipinakilala ni Sam sa kanyang yaya si Oliver. “Yaya, siya po ang kaibigan kong si Oliver. Oliver, siya naman ang Yaya Clarita ko. Siya ang lagi kong kasama rito dahil madalas wala sina mommy at daddy,” pagpapakilala niya sa dalawa. Magkasundong-magkasundo ang dalawa. Madalas silang maglaro. Nalaman naman ni Yaya Clarita na nangunguha ng mga kalakal si Oliver kaya kung may mga basyo ng bote, diyaryo at karton ay ibinibigay niya rito.



Natutuwa naman si Oliver sa mga ibinibigay sa kanya ni  Yaya Clarita kaya tinutulungan niya itong maglinis sa bakuran. Winawalis niya ang mga nakakalat na dahon ng mangga at tumutulong din siya sa pagdidilig ng mga halaman. “Manang, bakit po wala lagi ang nanay at tatay ni Sam?” pag-uusisa ni Oliver. “Abala kasi sila sa trabaho, nasa Maynila kasi ang kanilang negosyo. Lumipat lang naman sila rito nang muntik ng madisgrasya si Sam at nagka-**trauma** siya. Lagi niyang naaalala ’yon, kaya ninais nilang lumipat dito,” paliwanag ni Yaya Clarita. “Ganoon po ba? Ano po ba ang nangyari sa kanya?” tanong ni Oliver. “Muntik na siyang masagasaan noon. Mabuti na lang at may lalaking nagligtas sa kanya. Ang alam ko hinahanap ni sir ang lalaking iyon para personal na pasalamatan.”



Isang linggo bago ang kapaskuhan, habang nag-uusap ang magkaibigan ay nakarinig sila ng awiting pamasko. Nagpatugtog pala si Yaya Clarita habang inaayos ang mga regalo sa ilalim ng christmas tree. “Ang gusto ko? Uhm… gusto ko makabili ng spaghetti at fried chicken o kaya ay letsong manok para sa **Noche Buena**,” may pagtakam na sagot ni Oliver sa kaibigan niyang si Sam ng tanungin siya nito kung ano ang gusto niyang hilingin para sa Pasko. “Ha! Ha! Ha! Ha! Napakasimple naman ng gusto mo. Ayaw mo ba ng bagong laruan o kaya ay bagong damit, o di naman kaya ay **cellphone**?” tanong ulit nito. Gusto ko naman kaya lang mas gusto ko iyon. Napakatagal na kasi naming hindi nakakakain ng ganoon. Simula kasi noong nagkasakit ang tatay ko madalas sardinas o kaya lugaw ang aming kinakain. Kaya sana bukas ay marami akong makuhang kalakal para makaipon at makabili ako ng masarap na pagkain para sa aming Noche Buena,” sagot nito. “Ikaw ba anong gusto mong hilingin para sa Pasko?” tanong din ni Oliver sa kaibigan. “Wala na siguro akong mahihiling na bagay. Ang gusto ko lang ay magkakasama naming ipagdiwang ang Pasko,” sagot ni Sam na bahagyang nalungkot. “Huwag ka na ngang malungkot diyan. Pitong araw na lang bago ang araw ng Pasko, bakit hindi tayo magsulat ng ating pitong kahilingan. Pagkatapos ay isabit natin doon sa parol na nasa puno. Malay natin baka mabasa iyon ni **Santa Claus** at tuparin kung ano ang isusulat natin,” saad naman ni Oliver. “Oo nga, magandang ideya nga ‘yan!” pagsang-ayon naman ni Sam. Sinulat nga ng dalawa ang kanilang tigpitong kahilingan at pagkatapos ay ibinalot ito sa pulang tela at itinali sa itaas ng puno.





Kahit sandali pa lamang na magkakilala ang dalawa ay tila ba hindi na sila mapaghiwalay. Tinutulungan nila ang isa't isa. Tila unti-unti nang nalilimutan ni Sam ang nangyari sa kanya. Dahil naman sa pagtulong ni Oliver kay Yaya Clarita sa paglilinis ng bakuran, pagtatapon ng basura, at pagdidilig ng halaman ay binibigyan niya ito ng konting halaga. Naging malapit na rin ito sa kanya.



Isang araw habang nagpapahinga sa terasa ang mag-asawang Buenavista ay naikuwento sa kanila ni Yaya Clarita ang tungkol kay Oliver. Sinabi niya sa kanila ang ginagawa ni Oliver upang makatulong sa pamilya nito. Naikuwento niya rin na ang tatay niya ay hindi na nakakapagtrabaho dahil sa aksidente. Naantig naman ang mag-asawa sa kuwento ng batang si Oliver. Ilang sandali pa, habang nagkukuwentuhan ay napansin ni Ginang Buenavista ang dalawang pulang tela na may laso sa itaas ng puno. Dahil gusto niyang malaman kung ano ito ay ipinasungkit niya ito sa asawa. Nang mahulog ang isa ay kaagad niya itong binuksan at binasa.



Ako si Oliver. Ang aking pitong kahilingan ay ang sumusunod:

1. Makapaghanda ng masarap na pagkain para sa Noche Buena; fried chicken, burger at spaghetti na gusto ng mga kapatid ko.
2. Makabili ng mga kailangang gamot ni tatay.
3. Gumaling na sana si Tatay sa kanyang sakit.
4. Magkaroon ng permanenteng pagkakakitaan si Nanay.
5. Makabili ng kawayan para sa bagong papag ni Tatay.
6. Magkaroon ng sapat na pagkain ang aking mga kapatid.
7. Magkaroon ng bagong damit ang aking mga kapatid.



“Napakasimpleng kahilingan naman ng mga ito,” sambit ng ginang. “Yaya Clarita, si Oliver kaya ang batang kinukuwento mo?” tanong ng ginang sa tagapag-alaga ng anak. “Ay, oho. Nakita ko nga po silang dalawa na nagsusulat diyan at pagkatapos ay humingi pa ng pulang tela sa akin. Iyan pala ang kanilang pinagkakaabalahan,” sagot naman ni Yaya Clarita sa ginang. “Ibig mong sabihin pati si Sam ay gumawa rin ng listahan ng kanyang kahilingan?” masayang sambit ng ginang.

Ipinawasiwas niya sa kanyang asawa ang sungkit upang mahulog ang isa pang pulang tela. “Sa iyong palagay, ano kaya ang mga kahilingan ng anak natin?” nasasabik na tanong sa asawa. “Laruan lang iyan. Ganoon lang naman ang gusto ng batang iyon,” sagot naman ng ginoo.



Ako si Samuel Buenavista at narito ang aking mga kahilingan:

1. Maging mabait na sa akin si Daddy.
2. Magkakasama naming ipagdiwang ang Pasko.
3. Payagan na ako nina Mommy at Daddy na makipagkaibigan sa mga bata sa labas.
4. Hindi na sana aalis sina Daddy at Mommy tuwing bertdey ko.
5. Sana po maging katulad din kami ng ibang masasayang pamilya.
6. Sana ay makapagpahinga naman sina Mommy at Daddy sa pagtatrabaho.
7. Sana matupad ang kahilingan ni Oliver.



Nagkatinginan ang mag-asawa at nalungkot sa kanilang mga nabasa. “Napakalungkot pala ng ating anak. Hindi man natin siya naririnig na nagrereklamo ay nagtatampo na pala siya sa atin,” malungkot na sambit ng ginang. “Ako man ay naging istrikto sa kanya. Nadadala ko na pala hanggang dito sa ating bahay ang ugali ko sa opisina,” dagdag naman ng ginoo. “Kailangan nating bumawi sa kanya habang bata pa siya,” sambit ng ginang. Kung kaya’t  nakaisip sila ng maliit na sorpresa para makabawi sa anak.



Sa tahanan nina Oliver ay tila ordinaryong araw lamang. Bisperas na ng Pasko pero hindi mo mababakasan ng kahit anong palatandaan na sila ay nasasabik na sa pagsapit ng Pasko. Para sa kanila ay ordinaryong araw lamang ito na lilipas din kinabukasan lalo na sa tulad nilang walang espesyal na ihahanda sa kanilang hapag-kainan. Si Aling Opelya ay tumanggap ng labada kaya meron silang maihahain na kanin at ulam pagdating ng Noche Buena. Hindi katulad sa ibang bahay na nagkakatay pa ng baboy o kaya ay mga manok na ihahanda.



Sa bahay naman ng mga Buenavista ay abalang-abala ang mga tao. Nagkakabit sila ng mga pa-ilaw at mga tolda. May nagleletson ng baboy at mga manok. May mga nagluluto ng iba't ibang putahe; menudo, asado, fried chicken, spaghetti, burger at kung ano-ano pa. Ang mag-asawang Alfredo at Marisse naman ay sikretong nagbabalot ng mga regalo sa kanilang kuwarto. Inihahanda kasi nila ang isang magandang sorpresa para sa anak. Si Sam naman ay masayang-masaya dahil ito pa lamang ata ang una nilang pagdiriwang ng Pasko na magkakasama silang pamilya.



Isang oras bago ang Pasko ay nakahanda na ang lahat. Tinawag ng mag-asawa ang kanilang anak at sinabihang sila ay aalis at may pupuntahang espesyal na tao. Hindi naman nagtanong ang anak at agad na lamang na sumama. Huminto ang kanilang sasakyan sa harap ng isang barong-barong. Pagkababa sa sasakyan ay kumatok sila sa pinto. Labis ang pagkatuwa ni Sam nang ang nagbukas ng pinto ay ang kaibigang si Oliver na nagulat din. "Maligayang Pasko po sa inyo!" bati ng mga bisitang dumating. "Maligayang Pasko rin po. Tuloy po kayo sa aming munting tahanan," pagbati naman ni Oliver. "Inay, Itay, dumito po kayo at may mga bisita po tayo," tawag ni Oliver sa mga magulang. "Yaya, pakipasok mo na ang mga regalo natin sa kanila," utos ng ginang sa kasambahay. Ipinasok naman ni Yaya Clarita ang lahat ng pagkain na dala pati ang mga regalo; may **wheelchair** para kay Mang Andy, mga damit para sa buong pamilya at kung ano-ano pa.





“Salamat din sa iyo anak at napakabuti ng puso mo. Inintindi mo kami sa aming mga pagkukulang sa iyo,” asal ng ginang sa anak. “Salamat, Mommy at Daddy, at kay Santa Claus dahil natupad ang kahilingan namin ni Oliver,” maluha-luhang sabi ni Sam.



Sama-sama at masayang nagdiwang ang dalawang pamilya. Simula noon ay palagi nang nakakasama ni Sam ang kanyang mga magulang lalo na sa mga espesyal na araw. Ang tatay at nanay naman ni Oliver ay abalang-abala sa pagpapatakbo sa kanilang maliit na tindahan na iniregalo sa kanila ng mag-asawang Buenavista. Ito raw ay kanilang pasasalamat dahil sa ginawang pagliligtas ni Mang Andy sa kanilang anak. Si Oliver naman at ang kanyang mga kapatid ay nakakapag-aral na nang maayos. Hindi na kasi nila iniisip na kailangan pa nilang mangalakal para magkaroon ng pambaon at pambili ng pagkain. Kapag walang pasok ay magkasama sa paggawa ng proyekto at paglalaro ang matalik na magkaibigan. Salamat sa kanila tigpitong kahilingan.





Nalalapit na ang araw ng Pasko. Ang lahat ay nasasabik na, ngunit hindi ang pamilya ni Oliver. Para sa kanila, ito ay simpleng araw lamang na lilipas lalo na sa katulad nilang mahirap lamang. Si Oliver Sunga ay isang simpleng mag-aaral at sa kanyang murang edad ay kinailangan niyang tulungan ang ina sa paghahanapbuhay mula nang maratay ang ama dahil sa isang aksidente. Sa kanyang pangangalakal ay makikilala niya ang batang si Samuel Buenavista. Ano kaya ang magiging kaugnayan nila sa isa't isa?

